



Mensahe nina Mayor Bill de Blasio at Speaker Mark-Viverito sa mga Imigrante sa New York

Sa mga panahong ito na walang katiyakan, dapat nating paalalahanan ang ating mga sarili kung sino tayo bilang isang lungsod, at maging matatag sa ating mga paninindigan. Sipag, respeto at pagkaka-isa sa mga panahon ng kahirapan ang nagbibigay-kahulugan sa atin bilang taga-New York at hindi iyon nagbabago, sinuman ang presidente. Ang aming pangako na manindigan kasama ang at protektahan ang ating mga komunidad ng mga imigrante ay mas lalong matatag. Ang Lungsod ng New York ay laging handa na ipagtaggol at protektahan ang ating mga imigranteng kapatid. Hindi namin kayo kailanman tatalikuran.

Ang impormasyong ito ay isang mabilis at madaling gabay ng mga serbisyo ng Lungsod na kasalukuyang magagamit ng lahat ng mga residente ng New York.

Mga Mapagkukunan ng Impormasyon para sa mga Imigrante ng Lungsod ng New York

Sinusuportahan ng Lungsod ng New York ang lahat ng mga residente nito. Halos lahat ng mga serbisyo ng Lungsod ay para sa lahat, kasama ang mga hindi dokumentadong imigrante, katulad ng pagpasok sa paaralan o paggamit ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan o iba pang mga serbisyo. Hindi itatanong ng mga kawani ng Lungsod ang tungkol sa katayuan sa imigrasyon maliban kung kinakailangan ito upang gawin ang kanilang trabaho. Dapat nilang panatilihin kumpidensyal ang impormasyon ukol sa inyong katayuan sa imigrasyon.

IDNYC

- Ang IDNYC ay ang kard ng pagkakakilanlan ng Lungsod para sa lahat ng taga-New York. Hindi kinokolekta ng IDNYC ang impormasyon sa katayuan sa imigrasyon, at pinapanatili naming kumpidensyal ang impormasyon ng mga aplikante. Poprotektahan ng Lungsod ang impormasyon sa IDNYC sa abot ng saklaw ng batas.

Edukasyon

- Ang mga batang 4 o mag-4 na taong gulang ay kwalipikado para sa Pre-K. Lahat ng mga residente ay may karapatan na dumalo sa pampublikong paaralan mula 5 taong gulang hanggang sa pagtatapos o hanggang sa katapusan ng taon ng paaralan kapag sila ay tumuntong ng 21 taong gulang. Mayroong mga klase para sa mga mag-aaral ng Ingles.

Pangangalagang pangkalusugan

- Magagamit ng bawat isa sa mababa or murang halaga ang serbisyong pang-emerhensiya at hindi pang-emerhensiya na pangangalagang pangkalusugan sa mga pampublikong ospital at klinika at sa iba pang mga abot-kayang klinika.
- Ang NYC Well ay isang libre at kumpidensyal na pakikipag-ugnayan para sa pangangalaga ng kalusugang pangkaisipan, na magagamit sa higit sa 200 wika, anumang oras sa araw. Tumawag sa 1-888-NYC-Well, mag-text ng WELL sa 65173, o pumunta sa nyc.gov/nycwell

Pangangalaga ng bata

- Maaari na ngayong makakuha ng libre o murang halaga na pangangalaga ng bata ang mga pamilyang may mababang-kita na may mga anak na edad 6 na linggo hanggang 12 taong gulang.

Pagkain at kanlungang pang-emerhensiya

- Nagbibigay ng libreng pagkain sa mga taong nangangailangan ang mga lokasyon sa kabuuan ng NYC.
- Ang programang Homepage (Himpilan) ay makakatulong sa mga residente na maiwasan na mapasok sa sistema ng kanlungan.

Kaligtasan ng publiko

- Hindi nagsasagawa ng pagpapatupad ng imigrasyon ang Lungsod. Hindi itatanong ng NYPD ang tungkol sa katayuan sa imigrasyon ng mga biktima ng krimen, mga saksi, o iba pang taong humihingi ng tulong.
- Sinuman na naging biktima ng krimen ng kapootan, o hindi sigurado, ay dapat na makipag-ugnayan sa NYPD. Upang makipag-ugnayan sa NYPD Hate Crimes Task Force (Hukbong Tungkulin Laban sa Krimen ng Kapootan) nang direkta, tumawag sa (646) 610-5267.

Legal na tulong sa imigrasyon

- Magagamit ang libre at ligtas na legal na tulong sa imigrasyon sa pamamagitan ng ActionNYC. Tumawag sa direktang linya ng ActionNYC sa 1-800-354-0365 sa oras ng negosyo Lunes hanggang Biyernes.
- Maging maingat sa mga hindi lisensyadong tagapagbigay ng serbisyong pang-imigrasyon na sinasamantala ang kanilang mga kustomer. Humingi lamang ng tulong mula sa mga pinagkakatiwalaan at lisensyadong abogado o awtorisadong kinatawan. Para sa mga katanungan tungkol dito, tumawag sa direktang linya ng New Americans (Mga Bagong Amerikano) sa 1-800-566-7636 mula 9AM hanggang 8PM ng Lunes hanggang Biyernes.

Proteksyon mula sa diskriminasyon

- May karapatan din ang mga taga-New York na maging malaya mula sa labag sa batas na diskriminasyon, paghihiganti, at panliligalig sa lugar ng trabaho, pabahay, at iba pang mga pampublikong lugar.
- Upang magsampa ng reklamo o malaman ang higit pa, tumawag sa 311 o tumawag sa NYC Commission on Human Rights (Lupon ng Mga Karapatang Pantao) sa (718) 722-3131.

Mayroong ka bang mga katanungan o alalahanin?

Tumawag sa 311 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga mapagkukunang ito, o tumawag sa Mayor's Office of Immigrant Affairs (Tanggapan ng Ugnayang Pang-Imigrante ng Mayor) nang direkta sa mga oras ng trabaho sa (212) 788-7654. Mayroong magagamit na interpretasyon.